

# Oras para Mamangha!

## KULAYANG AKLAT PAMBATA

GBV
Der Gute Botschaft Verlag

# Tumigil ka at bulayin ang kagilagilalas na mga gawa ng Diyos.

Job 37:14

ISBN 978-3-96162-530-7

© 2025 by GBV Dillenburg GmbH
Printed in Germany - Fotos: www.stock.adobe.com

GBV Der Gute Botschaft Verlag

**GBV Dillenburg GmbH**
Eiershäuser Straße 54
35713 Eschenburg
GERMANY
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

**GRACE AND TRUTH CHAPEL**
**P.O. Box 1**
San Pablo City 4000
Laguna
PHILIPPINES
Email: biblicalanswersphilippines@gmail.com
Filipino: +63 (0) 950 358 3071
English: +63 (0) 917 814 1746


Masdan ang kalawakan. Ito ay nakaunat sa iyo tulad ng tabing. Ang mga ulap ay gumagalaw, sila ay nadadala ng hangin at laging nasa sa bagong hugis. Nilikha ng Diyos ang mundo, at ito ay maayos na umiinog.

Nilikha ng Diyos ang kalaliman ng karagatan at ang mga lupa kasama ng mga bundok at lambak. Ang mga bukal sa kabundukan ay nagbibigay sa atin ng tubig. Ito ay umaagos sa mga lambak. Ang mga hayop ay umiinom dito. Ang mga ibon ay naninirahan sa mga sanga at doon sila ay umaawit ng kanilang mga awitin.


Nilikha ng Diyos ang mga damo na lumago upang kainin ng mga baka. Binigyan Niya sila ng mga pagkain, prutas at mga butil. Ipinaghanda Niya ng mga tirahan ang mga bawat hayop, pugad para sa mga ibon at mga matataas na dalisdis para sa mga kambing. Ang buwan ang liwanag tuwing gabi, at ang buwan ay nagliliwanag para sa mga hayop sa kagubatan. Ang mga tao ay gumigising kapag umaga kung saan ang mga mababangis na hayop ay bumababa buhat sa kanilang tirahan. Ang bawat bagay ay nakasalalay sa Diyos sa bawat araw ay aking pupurihin Siya hanggang sa katapusan ng aking buhay.

Mga Awit 104

***Masiyahan sa kulayang ito***



Papayuhan kita na ang Aking mga mata, ay nakatitig sa iyo. Mga Awit 32:8







Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit ang lupa.

Genesis 1:1


Purihin Siya ng langit at lupa, ng mga dagat, at bawat bagay na gumagalaw roon.


Mga Awit 69:34






## Tingnan ang 10 pagkakaiba sa larawan sa ibaba






## Kaguluhan ng mga regalo


Tulungan ang mga bata na alisin sa pagka buhol buhol ang mga laso at hanapin ang mga tamang regalo para sa lahat.



Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon na gumawa ng langit at lupa

Mga Awit 121:2





Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka.


Mga Gawa 16:31

Ang bawat sumasalampataya sa Kaniya



ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan.

Mga Gawa 10:43




Kaniyang pinapahiga ako sa sariwang pastulan; pinapatnubayan Niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan.

Mga Awit 23:2

Sapagkat sinomang nakakasumpong sa akin, ay nakakasum-pong ng buhay. At magtatamo ng lingap ng Panginoon.

Kawikaan 8:35



# Noe

Si Noe ay nabubuhay noong unang panahon. Nakakausap ng Diyos ang mga tao noon. Subalit ang mga tao ay gumawa ng maraming masamang bagay. Ayaw nilang magkaroon ng mga bagay na nagpapatungkol sa Diyos. Kung kaya't ang Diyos ay nalungkot dahil nilikha Niya sila: Ninais Niyang wasakin sila at pagbahain ang sanlibutan.

Mabuti na lang at natagpuan Niya si Noe at ang kanyang pamilya. Dapat silang manatiling buhay. Minamahal nila ang Diyos at ginagawa ang mga sinasabi ng Diyos. Ito ay kung bakit sinabi ng Diyos ang Kanyang binabalak na pagligtas: ***Si Noe ay kinakailangan gumawa ng malaking daong - sa gitna ng kanayunan.*** Si Noe ay pinagtawanan ng mga tao. ***Subalit batid ni Noe na ayon sa Diyos ang Arko lang ang tanging puwedeng maging kaligtasan.*** Nang matapos ang daong, ang bawat isa ay pinapayagan na sumakay. Subali't ang mga tao ay patuloy na pinagtawanan ang Daong ni Noe.

Tanging mga hayop lang ang sumakay, isang lalaki at isang babae ng bawat uri nito. At sa huli, si Noe at ang kanyang sambahayan ay pumasok sa Arko ***at isinara ng Panginoon ang pinto sa likuran nila.***

Bumuhos ang ulan sa bubumgan. Sa labas, ang tubig ay bumuhos ng mala kas na malakas. At hindi tumigil ang pag ulan. At umabot ito ng apatnapung araw at apatnapung gabi.

At ano ang nangyari sa arko? Ang Arko ay nagsimulang lumutang. At ang tubig ay tumaas maging sa pinaka mataas na mga bundok. Wala kang makikita na anu mang bagay, mga lungsod at maging mga gubat.


Ang lahat ng mga bagay ay nalubog sa tubig kahit ang mga tao. At naisip ng Diyos na , ¨ ito ay sapat na¨ at ang ulan ay tumigil. Pagkalipas ng maraming mga linggo, ang mundo ay natuyo muli. Sa wakas si Noe at ang kanyang sambahayan at ang mga hayop ay lumabas na mula sa Arko. ***Sila ay masaya at nagpasalamat sa Diyos sa pagkakaligtas sa pamamgitan ng Arko.***

Sinabi ng Diyos kay Noe, nakita mo ba ang bahaghari sa kalangitan? ***"Bawat oras na makita mo ang bahaghari ipapalala nito sa iyo na mahal ng Diyos ang mga tao at ninais Ko na iligtas sila"***


Mababasa mo ang kasaysayan ito sa Bibilia. Ito ay nasasaad sa pinaka simula ng Biblia sa Genesis kabanatang 6-9.


***Alam mo ba na mahal ka ng Diyos? Ninanais Niya na maging maayos ka at N maka piling Niya sa langit balang araw-.*** Diba napakainam nun? Pero sandali! Ang bawat isa ay may masama at makasalanang puso. Tulad nito at hinding hindi sila makakalapit sa Diyos

Iito ang dahilan kung bakit isinugo ng Diyos ang Kanyang anak, ang Panginoong Jesus, sa mundong ito. ***Namatay Siya para sa iyo doon sa krus!*** Para sa iyong mga kasalanan- at ngayon! Si Jesus ay buhay! Siya ay nabuhay! *Ang bawat isa na nanampalataya sa Kanya at nagpahayag ng kanilang mga kasalanan ay maliligtas. Sabihin mo kay Jesus ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng panalangin at pasalamatan Siya dahil namatay Siya para sa iyong mga kasalanan.* At magkayon ikaw ay maliligtas katulad ng mga tao doon sa loob ng Arko...




## Hanapin ang 10 pagkakaiba sa larawan sa ibaba!





## Nawala ! At ngayon ? Pwede mo bang tulungan ang magsasaka na matukoy ang daan pauwi sa kanyang tahanan?



# Ang Nawawalang Tuta

Ang batang si Sue ay maraming mga niyayapos na laruan sa kanyang higaan. Subalit isang gabi ng nais na niyang matulog, ang munting tuta ay nawawala. Hinanap niya ito ng hinanap sa lahat ng sulok o dako, subalit hindi niya masumpungan sa kaniyang madilim na silid.

Sa wakas sinabi niya ito sa kanyang ina: "Nanay hindi ko makita ang aking tuta! Maaring ito ay nawala sa labas... hayyy ang kawawa kong tuta!" Kin-andili siya ng kanyang ina: "Nakakasi-guro ako makikita rin natin ang iyong tuta. Sige matrulog kana at bukas hahanapin natin siya. Bakit hindi ka manalangin sa Diyos at humingi ng tulong?"

Lumipas ang ilang mga araw at hindi pa rin masumpungan ni Sue ang ka-nyang tuta. Lungkot na lungkot siya.

Isang araw habang si nanay ay nag-lilinis ng silid ni Sue, tumawag sya,, Sue! Tingnan mo ano ito? Sa likod ng kama ni Sue ay nakita niya ang na-paka gamok na tuta,,, ohh ang aking tuta wika niya... Ano ang ginagawa mo dito? Ako ay takot na takot."


Inunat niya ang kanyang kamay at hinigit ang tuta palabas sa sulok na iyon at maayos na pinagpagan ito ng mga gabok. Si Sue at ang iba pa niyang mga laruang hayop ay napa-kasaya sa pagkakabalik ng tuta.

Tulad ng tuta, ang lahat ng mga tao ay "madumi" Sa tuwing sila ay guma-gawa ng masamang bagay, tulad ng pagsisinungaling, pagkuha ng mga bagay na hindi sa kanya (kasalanan ang tawag ng Diyos sa mga bagay na ito ) kumukuha sila ng maraming dumi ( kasalanan ) sa kanilang mga sarili. Subalit ang suliranin ay hindi nila malinis ang kanilang mga sarili, katulad sa pagpapalis ng alikabok sa mga maalikabok na pasamano o kaya ay tulad ni Sue na nilinis ang kanyang tuta. Tanging si Jesus lang ang makakgawa nito t siya ay nalu-lungkot para doon sa mga tao na nawawala sa kasalanan. Sabihin mo sa Kanya.. Jesus ako ay napakarumi na makasalanan, Patawarin mo ako dahil ako ay nagkasala.. nais kong maging malinis muli, At magkagayon aalisin nya ang ating mga karumihan at bibigyan tayo ng bagong buhay

Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan.

Ang Bibliya - 1 Juan 1:9







Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi.

Lucas 15:7


Kaniyang papastulin ang kaniyang kawan, na gaya ng pastor, Kaniyang pipisanin ang mga kordero sa kaniyang kamay.

Isaias 40:11





Sapagkat ang lahat na ihasik ng tao,
ay siya namang aanihin niya. Mga taga Galacia 6:7





Purihin ng bawat bagay na may hininga ang Panginoon!

Mga Awit 150:6

# Sumuod ka sa Akin.

Juan 21:22







Ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.


Juan 8:12


Tingnan ang 10 pagkakaiba
sa larawan sa ibaba





Para sa mga mangangaso ng kayamanan!
Mahahanap mo ba ang daan sa madaming isla patungo sa nawawalang kayamanan ng mga pirata bago pa makita ng ibang mangangaso ng kayamanan?





Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon ang pangalan ng Panginoon ay pupurihin.

Mga Awit 133:3

Huwag kang matakot, sapagkat ako'y sumasaiyo.

Isaias 41:10






Ang iyong mga masasamang salita, gawain at kaisipan ang siyang nagpapahiwalay sa iyo sa Diyos.
Ang mga ito ay malalim na bangin sa pagitan mo at ng Panginoon.

**SAPAGKAT ANG LAHAT AY NAGKASALA AT WALANG NAKAABOT SA KALUWALHATIAN NG DIYOS.**
Mga Taga Roma 3:23




Pinipukit mong lumapit sa Diyis ayon sa sarili mong kalakasan, kaisipan, mabubuting gawa o ng relihiyon. Subalot kahit ano ang iyong gawun, ito ay hindi sapat.

**SAPAGKAT SA BIYAYA KAYO AY NALIGTAS.. HINDI SA PAMAMAGITAN NG MGA GAWA..**
Efeso 2:8-9




Ano ngayon? Wala na bang ibang oaraan upang mapalapit sa Diyos? Wala bang pwedeng makalampas sa bangin na ito? - Mayroon! Gumawa ang Diyos ng paraan.

**SAPAGKAT GAYUN NA LAMANG ANG PAGSINTA NG DIYOS SA SANLIBUTAN, NA IBINIGAY NIYA ANG KANYANG BUGTONG NA ANAK, UPANG ANG SINOMANG SA KANIYA'Y SUMAMPALATAYA AY HUWAG MAPAHAMAK, KUNDI MAGKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.**
Juan 3:16




Si Hesus ang tanging daan sa Diyos!
Namatay Siya para sa iyo upang ikaw ay makatawid sa bangin ng kasalanan at makalapit sa Diyos.
Kung hihingin mo sa Kanya na patawarin ka sa iyong mga kasalanan, makakatanggap ka ng buhay na walang hanggan at ikaw ay maliligtas.

**SINABI NI HESUS, "AKO ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN AT ANG BUHAY. SINOMAN AY HINDI MAKAPAROROONNSA AMA KUNDI SA PAMAMAGITAN KO."**
Juan 14:6

## Punan ang mga puwang ng mga sumusunod na mga salita:

ginawa — salita — pananampalataya — nakikita — sanlibutan

Sa ____________ ay natatalastas natin na ang ____________ ay natatag sa pamamagitan ng ____________ ng Diyos, ano pa't ang ____________ ay hindi ____________ sa mga bagay na nakikita.

**Hebreo 11:2**

Kung gusto mong malaman kung mali ang pagkakapuno mo sa mga puwang ngunit wala kang bibliya, malugod kaming magpapadala sa iyo ng bahagi ng bibliya ng libre. Maaari mong gamitin ang komprobanteng ito o d kaya mag order sa pamamagitan ng email sa biblicalanswersphilippines@gmail.com

## Kompobante para sa bahagi ng Bibliya:

Pakiputol, punuan ng detalye at ipadala!

Pangalan: ____________________


Kalye: ____________________

Bayan/ Lungsod: ____________________

Idad: ____________________

Grace and Truth Chapel
P.O. Box I
San Pablo City 4000
Laguna
PHILIPPINES

Email: biblicalanswersphilippines@gmail.com
Filipino: +63 (0) 917 814 1746 - English: +63 (0) 906 477 9552



At nakita ng Diyos ang lahat ng kaniyang nilikha, at narito, napakabuti.

Genesis 1:31

ISBN 978-3-96162-530-7

GBV 148 8200 Time to Marvel Tagalog/Filipino
Age 4-8 years